

Ang Sakit ng Tuberculosis (TB) sa Mga Bata ay:

Maiiwasan
Magagamot
Nalulunasan

Pagiiwas ng (TB) Disease sa Mga Bata



Ano ang kailangan malaman ng mga magulang

Ang tuberculosis ay sanhi ng mga mikrobyo ng TB (bakterya) na kumalat galing sa isang tao at lumipat sa iba sa pamamagitan ng hangin. Ang TB ay kadalasan nakakaapekto sa mga baga, ngunit maaari rin makaapekto sa iba pang mga bahagi ng katawan, tulad ng "lymph nodes, bato o gulugod.

Ang epekto ng hindi nasuri o hindi nagamot na TB sa mga bata ay malubha. Malamang na magtungo kaagad sa pagkakaroon ng sakit na TB ang mga bata pagkatapos mahawahan kaysa sa mga matatanda. Maaari rin silang magkaroon ng malubhang uri ng TB.

**Karamihan ng TB sa mga bata ay dahil sa
pagkakaroon sa mga matatanda na may
nakakahawang TB.**



Para sa dagdag na impormasyon, makipag-usap sa inyong doktor o tumawag sa:

Peel Public Health at 905-799-7700 or
visit peel-stoptb.ca

Produced by Peel Public Health in collaboration with Dr. IProduced by Peel Public Health in collaboration with Dr. Ian Kitai and Patricia Malloy at The Hospital for Sick Children and Toronto Public Health.

Selected images adapted from New Jersey Medical School Global Tuberculosis Institute, the World Lung Foundation Image Library and the CDC/
Gabrielle Benenson.



Paano ko malalaman kung ang aking anak ay nailantad sa nakakahawang TB?

Ipinagbibigay-alam ng Pampublikong Kalusugan sa mga tao kung sila ay maaaring nailantad sa TB.

Ano ang dapat kong gawin kung ang aking anak ay nailantad sa nakakahawang TB?

Kailangan mo dalhin ang iyong anak sa doktor sa lalong madaling panahon para sa pagsusuri ng TB.

Isang pagsusuri sa balat para sa TB ay gagawin upang makita kung mayroong mga mikrobyo ng TB sa katawan ng iyong anak. Kung ang pagsusuri ay positibo, ang iyong anak ay may Nakatagong impeksiyon ng TB. Kung ang pagsusuri ay negatibo, ang iyong anak ay maaaring kailangan suriin muli. Maaaring tumagal hanggang 8-10 mga linggo pagkatapos sa pagkakalantad upang makita sa katawan ng iyong anak kung ito ay may impeksiyon o hindi.

Lahat ng mga bata ay dapat kumuha ng pagsusuri sa balat para sa TB at magparepaso para sa mga sintomas ng TB. Sino man bata na may positibong pagsusuri sa balat para sa TB o mga sintomas ng TB ay nangangailang mageksray sa dibdib.

Mga bata sa ilalim ng limang taong gulang ay dapat magkaroon ng eksray sa dibdib kahit negatibo ang pagsuri sa balat. Kung wala silang aktibong sakit ng TB, dapat pa rin sila bigyan ng gamot para sa TB hanggang sa pag-ulit ang pagsuri sa balat para sa TB paglaon ng 8-10 linggo.

Ang iyong anak ay kinakailangan magamot hanggang sa pag-ulit ng pagsusuri ng balat ay nagpatunay kung nahawahan o hindi ang iyong anak. Kailangan ng mga mas ang gamot na ito upang protektahan sila sa pagkaroon ng mas mahinang resistensya kaysa mas matandang mga bata at mga matatanda, at maaaring lumala ang sakit sa loob ng 8-10 linggo.

Kung ang pag-ulit sa pagsusuri sa balat ay nagresulta ng negatibo, maaari nang ihinto ang gamot at wala nang kailangan pang gawin. Kung ito ay positibo, may Nakatagong impeksiyon ng TB ang iyong anak at dapat na ipagpatuloy ang pag-inom ng gamot sa loob ng siyam na buwan.

Aktibong Sakit na TB sa Mga Bata

Ang bata na may sakit ng TB ay may aktibong mikrobyo sa katawan. Ang bata ay may sakit at maaaring ilipat ang mga mikrobyo sa iba.

Ang mga bata na mas bata sa limang taong gulang ay madalas nagkaroon ng mga palatandaan o sintomas ng TB, at kadalasan ay hindi nakakahawa. Ang mas matatanda na mga bata at kabataan ay kadalasan may mga sintomas, tulad ng lagnat, ubo, pawis sa gabi, pagbaba ng timbang, sakit at/o pamamaga.

Nakatagong Impeksiyon na TB [Latent TB Infection (LTBI)]

Ang bata na may LTBI ay may natutulong na mga mikrobyo sa katawan at may positibong resulta ng pagsusuri sa balat. Hindi maaaring ihawa ng bata ang mikrobyo sa iba, ngunit maaaring magkasakit ng TB kung hindi ginamot. Ang iyong anak ay maaaring magpatuloy pumasok sa paaralan at pag-aalaga-sa-araw at makipaglaro sa iba. Kailangang magtabi ka ng talaan ng resulta ng pagsuri sa balat para sa TB ng iyong anak.

Bakit dapat gamutin ang aking anak para sa LTBI?

Ang batang may LTBI ay maaaring magkaroon ng sakit na TB kaagad pagkatapos ng impeksiyon.


Maagang paggamot ng impeksiyon ng TB ay nagbabawas ng mga pagkakataon na magkasakit ng TB ang mga bata.

Ang sakit ng TB sa mga bata ay maaaring maging malubhang-malubha at maaaring sanhi ng habang buhay na mga problema sa kalusugan, pinsala sa utak pati kamatayan.

Ang sakit na TB ay maaaring hadlang sa paglaki at pag-unlad ng bata. Ang mga bata na may sakit ay madalas na hindi nakakapasok nang matagal sa paaralan, na nakakasagabal sa kanilang pag-aaral at sa pakikipagkapwa.

Mga hiwatis para makatulong sa iyo na matandaang bigyan ng gamot ang iyong anak:

- Itabi ang gamot sa isang lugar kung saan makikita mo ito, ngunit hindi sa lugar na maaarbot ng mga bata.
- Gumamit ng isang organizer (dosette) kung ang gamot para sa TB ay nasa anyo ng tablet o kapsula.
- Bigyan ang iyong anak ng gamot sa parehong oras bawat araw, tulad ng bago kumain o bago matulog.
- Imarka sa iyong kalendaryo tuwing ang iyong anak ay uminom ng isang dosis ng gamot.



Paano ginagamot ang LTBI?

Ang mga bata na may LTBI ay ginagamot gamit ang partikular na gamot para sa TB. Ang lahat ng mga gamot para sa TB ay libre sa pamamagitan ng iyong lokal na yunit para sa pampublikong kalusugan.

Ang gamot ay makukuha sa anyong likido, tableta o kapsula.

Maaari bang magdulot ng anumang uri ng problema ang gamot?

Ang mga gamot para sa TB ay itinuturing na ligtas, ngunit may ilan sa mga gamot ay maaaring may pangalawang epekto.

TIGILAN ANG GAMOT AT TAWAGAN ANG IYONG DOKTOR KAAGAD kung ang iyong anak ay may alinman sa mga sintomas na ito:

- Pagduwal/pagsusuka
- Pantal
- Sakit ng tiyan
- Kawalan ng gana/hindi nagugutom
- Pagdilaw ng mga mata
- Pagkawala ng lakas/mas pagod kay sa karaniwan

Ipagbigay-alam ang iyong doktor ang tungkol sa iba pang mga gamot na kinukuha ng iyong anak.

Mga hiwatis para matulungan ang iyong anak na lunukin ang gamot:

- Durugin ang mga tableta o alisin ang laman ng kapsula sa isang mangkok at ihalo sa kaunting malambot na pagkain, tulad ng apple sauce, nilamas na saging, yogurt, pagkain ng sanggol o puding.
- Purihin ang iyong mga anak kapag nalunok nila ang gamot.
- Pasayahin ito. Maaaring pahintulutan na ang iyong anak ang magmarka sa kalendaryo gamit ang mga sticker.